



Mga Singil sa mga Refund at waiver ng Aplikasyon sa Visa

Mga Singil sa mga Refund ng Aplikasyon sa Visa

Kung nagbayad ka para sa aplikasyon sa visa o ekstensyon ng visa na apektado ng mga paghihigpit ng COVID-19 sa paglalakbay na maaaring karapat-dapat ka para sa refund o waiver ng Singil ng Aplikasyon sa Visa (Visa Application Charge, VAC).

Makakahiling ka lamang ng refund sa VAC kung ikaw ang taong ipinapakita bilang ang 'magbabayad' sa orihinal mong resibo ng VAC.

Hilingin ang refund mo sa pamamagitan ng paggamit ng [mga form ng kahilingan sa paghihigpit sa paglalakbay ng COVID-19 ng VAC](#).

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa iba pang mga probisyon ng VAC refund [tumingin sa Pagkuha ng refund](#).

Puwede mong tingnan ang mga detalye at kondisyon ng iyong visa gamit ang [VEVO](#).

Temporary Skill Shortage o Temporary Work (Skilled) visa (mga subclass 482 at 457)

Kung ikaw ay nasa labas ng Australia at dating may Temporary Skill Shortage o Temporary Work (Skilled) visa noong o pagkatapos ng ika-1 ng Pebrero 2020 na nawalan na ng bisa, magiging kuwalipikado ka para sa VAC waiver para sa kasunod na aplikasyon para sa Temporary Skill Shortage (subclass 482) visa kung:

- hindi ka nakapasok sa Australia dahil sa mga paghihigpit sa pagbibiyahe ng COVID-19 bago nawalan ng bisa ang visa mo o
- nagbiyahe ka papuntang Australia at umalis ngunit hindi nakabalik sa Australia bago nawalan ng bisa ang visa mo dahil sa mga paghihigpit sa pagbibiyahe ng COVID-19.

Inaatasan ang mga aplikante na magkaroon ng wastong nominasyon. Dapat maisumite ang mga aplikasyon bago ang ika-31 ng Disyembre 2022.

Working Holiday Makers

Magagamit para sa VAC refund ang mga may visa na Working Holiday Maker (WHM) na dumating sa Australia sa pagitan ng Enero 19, 2022 at Abril 19, 2022. Para sa karagdagang impormasyon tingnan ang [Pagkuha ng refund](#).

Maaari kang mag-aplay online para sa offshore nil VAC (walang bayad) WHM na visa, o humiling ng VAC refund kung:

- nabigyan ka ng apektado ng COVID-19 na WHM visa bago ng Marso 20, 2020
- nag-expire ang WHM visa mo sa pagitan ng Marso 20, 2020 at Disyembre 31, 2021 habang nasa labas ka ng Australia at
- hindi ka naglakbay sa Australia gamit ang WHM visa mo, o umalis ka sa Australia bago tumigil ang WHM visa mo.

Kung karapat-dapat, maaari kang gumawa ng isang offshore na aplikasyon ng nil VAC WHM visa sa online mula Hulyo 1, 2021 hanggang Disyembre 31, 2022. Para sa karagdagang impormasyon tingnan ang [programang Tagagawa ng Trabaho sa Bakasyon o Working holiday Maker program - pinakabagong balita](#).

Kung hindi ka na nakatutugon sa kinakailangan na edad at hindi na makapag-aplay para sa isang offshore na nil VAC WHM visa, puwede kang humiling ng VAC refund. Para magawa ito, gamitin ang [form sa kahilingan para sa VAC refund ng mga paghihigpit sa pagbibiyaha dahil sa COVID-19](#). Walang magagamit na pagsusuri kapag tinanggihan namin ang kahilingan mo para sa refund.

Dapat na isumite hanggang Disyembre 31, 2022 ang mga aplikasyon sa offshore na nil VAC refund at VAC refund na mga kahilingan.

Mula Marso 5, 2022, maaari kang gumawa ng onshore na aplikasyon sa nil VAC WHM kung nasa Australia ka sa oras na iyon at karapat-dapat na mag-aplay. Magagamit ang higit pang impormasyon sa pagiging karapat-dapat sa visa at mga kinakailangan para sa onshore na nil VAC WHM visa sa [pinakabagong balita](#). Walang magagamit na VAC refund para sa mga WHM na hindi karapat-dapat na mag-aplay para sa isang onshore na nil VAC visa dahil sa hindi na nakatutugon sa kinakailangang edad.

Mga estudyante

Aalisin namin ang bayarin sa aplikasyon ng visa para payagan kang magsumite ng karagdagang aplikasyon ng student visa kung nagmamay-ari ka ng student visa simula noong Pebrero 1, 2020 at hindi mo makumpleto ang iyong kurso sa loob ng bisa ng orihinal na visa dahil sa mga epekto ng COVID-19. Kabilang dito kung:

- ipinagpaliban mo ang iyong pag-aaral dahil hindi ka makapasok sa Australia dulot ng mga paghihigpit sa pagbiyahe
- napilitan kang kumuha ng part-time na load sa pag-aaral
- hindi mo nakumpleto ang iyong pagsasanay na nakabatay sa trabaho at/o mga placement.

Hindi inilaan ang hakbang na ito para sa mga estudyante na nag-a-aplay para sa bagong student visa dahil sa mga karaniwang dahilan (kabilang na kung bumagsak ka sa isang kurso o yunit ng pag-aaral, ipinagpaliban dahil sa personal na mga kadahilanan o boluntaryong nagbawas ng load sa pag-aaral mo).

Dapat kang mag-aplay para sa Student visa para maisaalang-alang ang aplikasyon mo para sa libreng waiver at ilakip ang kumpletong [Form 1545 COVID-19 Impacted Student \(Naapektuhang Estudyante\)](#) mula sa provider ng edukasyon mo.

Kung nag-a-apply ka ng libreng waiver sa Australia, hindi awtomatikong mag-i-isyu ng Bridging visa dahil kailangan munang suriin ang iksempsyon sa bayarin.

Nalalapat lamang sa VAC sa waiver na ito.

Bilang karagdagan, ang mga mayroong student visa na nasa labas ng Australia at dumating sa pagitan ng Enero 19, 2022 at Marso 19, 2022 ay maaaring maging karapat-dapat tumanggap ng refund para kanilang VAC. Para sa higit pang mga impormasyon kung paano mag-apply para sa VAC tingnan ang [Pagkuha ng refund](#).

Visitor (subclass 600)

Pwede kang mag-aplay para sa bagong [Visitor \(subclass 600\) visa](#) (maliban sa Frequent Traveller stream o Madalas na kalakaran ng Paglalakbay) nang walang bayad (VAC waiver) kung:

- nasa labas ka ng Australia at
- may hawak ka, o dating may hawak, na Visitor (subclass 600) visa na:
 - ipinagkaloob namin sa labas ng Australia bago ng MARso 21, 2020
 - napasog, o mapapasog-e-expire, sa pagitan ng Marso 20, 2020 at Hunyo 30, 2022
 - Isang multiple entry visa ang visa mo o isang single entry visa na hindi ginamit para maglakbay sa Australia

Dapat mong gawin ang bago mong aplikasyon sa online sa pamamagitan ng [ImmiAccount](#) hanggang Disyembre 31, 2022.

Sabihin sa amin sa iyong online application form na nagkaroon ka ng naunang Visitor visa na naapektuhan ng mga paghihigpit sa paglalakbay na nauugnay sa COVID-19. Kapag kinumpirma namin ang pagiging karapat-dapat mo, hindi mo kakailanganing bayaran ang VAC kapag isinumite mo ang iyong aplikasyon.

Isang beses ka lang na makakapag-aplay gamit ang VAC waiver mo. Hindi ka karapat-dapat para sa pangalawang wavier, kahit na tanggihan namin ang visa mo.

Prospective Marriage visa

Sa huling bahagi ng 2020/unang bahagi ng 2021, ipinakilala ang mga pagbabago para suportahan ang mga may hawak ng Prospective Marriage (Subclass 300) visa, mga dating may hawak ng visa at mga aplikante ng visa na hindi makapasok sa Australia dahil sa mga paghihigpit sa paglalakbay sa COVID-19.

Noong Oktubre 29, 2021, ipinakilala ang mga karagdagang ekstensyon ng mga panahon ng pagiging balido ng visa at mga VAC refund. Ang mga may hawak ng support Prospective Marriage visa na ito na patuloy na nahaharap sa mga kahirapan sa pagpasok sa Australia dahil sa mga paghihigpit sa paglalakbay na nauugnay sa COVID-19.

Mga palugit sa visa

Noong Disyembre 10, 2020, ang mga may hawak ng Prospective Marriage visa o mga dating may visa na nasa labas ng Australia noong araw na iyon at may hawak na Prospective Marriage visa kailanman sa pagitan ng Oktubre 6, 2020 at Disyembre 10, 2020, ay nakapagpa-extend ng bisa ng kanilang mga visa hanggang sa Marso 31, 2022.

Noong Oktubre 29, 2021, ang mga may hawak ng Prospective Marriage visa na mayroong subclass 300 visa at nasa labas ng Australia noong Setyembre 15, 2021 ay pinalawig ang pagiging balido ng kanilang visa ng hanggang December 31, 2022.

Puwede mong tingnan ang mga detalye at kondisyon ng iyong visa gamit ang [VEVO](#).

Mga refund ng Visa Application Charge para sa mga pinalawig ang visa

Ang mga refund ng Visa Application Charge (VAC) ay ibinibigay kung saan ang mga paghihigpit sa paglalakbay na nauugnay sa COVID-19 ay nakaapekto sa kakayahan ng may hawak ng visa na maglakbay sa Australia at pakasalan ang kanilang kapareha.

Kung na-extend ang bisa ng Prospective Marriage visa mo noong Disyembre 10, 2020, maaaring humiling ng refund ang nagbayad ng iyong VAC kung:

- hindi ka nagbiyahe papuntang Australia pagkatapos ng Disyembre 10, 2020 bilang may hawak ng visa na ito at
- sa panahon ng paghiling para sa refund, nangyari ang alinman sa:
 - Nawalan ng bisa ang visa mo o nakansela ayon sa kahilingan mo o
 - kasalukuyang may bisa ang visa mo at hiniling mo sa Ministro na kanselahin ang visa mo.

Kung na-extend ang bisa ng Prospective Marriage visa mo bilang bahagi ng ipinakilalang mga pagbabago noong Oktubre 29, 2021, maaaring humiling ng refund ang nagbayad ng iyong VAC kung:

- mayroon kang Prospective Marriage visa at nasa labas ng Australia noong Setyembre 15, 2021 at
- hindi ka nagbiyahe papuntang Australia pagkatapos ng Setyembre 15, 2021 bilang may hawak ng visa na ito at
- sa oras ng paghiling para sa refund aytumigil ang visa mo habang hiniling mo sa Ministro na kanselahin ang visa mo.

Sa karaniwan, maisasagawa lang ang kahilingan para sa refund ng taong ipinapakita bilang 'nagbayad' sa orihinal na resibo ng VAC. Ang mga kahilingan para sa refund ay dapat naisagawa na pagdating ng ika-31 ng Disyembre 2022.

Kung may bisa pa ang iyong visa bago humiling ng refund, dapat mo munang gamitin ang iyong [ImmiAccount](#) para hilinging ipakansela ang iyong Prospective Marriage (subclass 300) visa.

Kung kuwalipikado ka para sa VAC refund, gamitin ang [form sa kahilingan para sa VAC refund ng mga paghihigpit sa pagbibiyaha dahil sa COVID-19](#).

Walang makukuhang VAC refund kung:

- kinansela ang Prospective Marriage visa mo ng Ministro (maliban kung hiniling mo na kanselahin ito) o
- nagsumite ka ng aplikasyon para sa Kapareha (subclass 801) visa at nagbayad ng mas mababang halaga ng VAC dahil mayroon kang Prospective Marriage visa o
- sa oras na huminto ang visa mo o pinayuhan ng isponsor mo ang Departamento na hindi mo na balak magpakasal

Ang mga refund ng Visa Application Charge para sa mga dating may hawak ng visa at sa mga hindi makapagpakasal sa kanilang kapareha sa Australia

Kung tumigil sa pagitan ng Marso 20, 2020 at Oktubre 5, 2020 ang Prospective Marriage visa mo, ang nagbabayad ng Visa Application Charge (VAC) ay maaaring maging karapat-dapat para sa VAC refund kung huminto ang visa mo habang nasa labas ng Australia ka.

Maaari ding maging karapat-dapat ang nagbabayad ng VAC para sa VAC refund kung tumigil ang visa mo at hindi mo nagawang pakasalan ang isponsor mo sa Australia bago tumigil ang visa mo dahil sa mga paghihigpit sa COVID-19. Maaaring kabilang dito ang mga kinakailangan sa quarantine, mga pag-lock ng estado o mga paghihigpit sa paglalakbay sa pagitan ng estado. Maaaring maging karapat-dapat ang nagbabayad ng VAC para sa refund sa ilalim ng mga probisyong ito kung naglakbay ka sa Australia gamit ang visa mo at:

- tumigil ang bisa ng visa mo sa pagitan ng Marso 20, 2020 at Oktubre 5, 2020 habang nasa Australia ka o
- May bisa ang visa mo noong Setyembre 10, 2021 at tumigil sa bisa ang visa mo sa oras na hiniling mo ang iyong refund.

Walang makukuhang refund kung hindi mo pinakasalan ang iyong isponsor dahil sa mga paghihigpit na kaugnay ng COVID-19:

- limitado ang bilang ng mga bisitang makadadalo sa inyong binalak na pagpapakasal
- pinigilang mga bisita, o mga partikular na bisita, na dumalo sa binalak na pagpapakasal mo, o
- napigilan na maganap ang binalak na pagpapakasal sa oras o lokasyong pinili ninyo ng iyong isponsor.

Sa karaniwan, ang kahilingan para sa refund ay maisasagawa lang ng taong ipinapakita bilang nagbayad o 'payer' sa orihinal na resibo ng VAC. Kung kuwalipikado ka para sa VAC refund, gamitin ang [form sa kahilingan para sa VAC refund ng mga paghihigpit sa pagbibiyahe dahil sa COVID-19](#).

Walang makukuhang VAC refund kung:

- kinansela ang Prospective Marriage visa mo ng Ministro (maliban kung hiniling mo na kanselahin ito) o
- nagsumite ka ng aplikasyon para sa Kapareha (subclass 801) visa at nagbayad ng mas mababang halaga ng VAC dahil mayroon kang Prospective Marriage visa o
- Nawalan ng bisa ang iyong visa noong panahong iyon o inabisuhan ng iyong isponsor ang Department na wala na kayong balak magpakasal.

Para sa mga dating may hawak na Prospective Marriage visa, bibigyang prioridad ang pagpoproseso sa anumang kasunod na aplikasyon sa Prospective Marriage visa na ginawa. Depende kung kumpleto na ang aplikasyon at nakatutugon sa lahat ng kinakailangan para sa visa ang tagal ng pagpoproseso sa mga aplikasyon.

Mga aplikante ng Prospective Marriage visa

Para matulungan ang mga aplikante ng Prospective Marriage visa na hindi makapasok sa Australia dahil sa mga paghihigpit sa pagbibiyahe na kaugnay ng COVID-19, ang mga Prospective Marriage visa na naigawad mula ika-27 ng Pebrero 2021 ay maaaring nagtataglay panahon ng pagkakaroon ng bisa ng visa sa pagitan ng 9 hanggang 15 buwan. Ito ay isang pagbabago mula sa dating pamantayang 9 na buwan ng pagkakaroon ng bisa. Ang panahon ng pagkakaroon ng bisa para sa Prospective Marriage visa na naigawad noon o pagkatapos ng ika-27 ng Pebrero 2021 ay nakasalalay sa sitwasyon ng aplikante.

Puwede mong tingnan ang mga detalye at kondisyon ng iyong visa gamit ang [VEVO](#).